

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 30, 2021

Kontak: Kate Kuykendall, Public Affairs Officer, Long Beach Airport, 562.570.2679,
kate.kuykendall@longbeach.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Nagtatakda Ang Long Beach Airport ng Target na Pagbawas ng Mga Emisyon, Nagsisimula sa Proseso ng Pagkilala ng Karbon

Long Beach, CA – Papasok ang Long Beach Airport (LGB) sa programang [Airport Carbon Accreditation](#) (ACA) at nangangako na bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas sa bawat batayan ng pasahero ng 20% porsyento sa taong 2025 at 40% porsyento sa taong 2030. Pinangasiwaan ng Airport Council International (AIC) at tinutulungan ng programa ng ACA ang mga paliparan na kilalanin, pamahalaan at bawasan ang kanilang mga emisyon ng karbon.

“Ito ay isang malaking milyahe sa aming mga pagsisikap na gawin ang Long Beach Airport na isang pagpapanatili na nangunguna sa mga paliparan,” sabi ni Alkalde Robert Garcia. “Ang pagpasok sa programa na ito ay isa pang malaking hakbang patungo sa huli na makamit ang aming hangarin na pagkakaroon ng neutralidad sa Karbon.”

Bilang paghahanda para sa sertipikasyon ng ACA noong nakaraang taon ay sinimulan ng LGB ang pag-imbentaryo ng [Scope 1 and Scope 2 greenhouse gas emissions](#) mula taong 2016 hanggang 2019. Ang mga target sa pagbawas ng mga emisyon ay batay sa taong 2016 baseline year. Ang mga Scope 1 na emisyon ay pagmamay-ari o kinokontrol ng paliparan, tulad ng mga sasakyang pang-paliparan, pamamahala ng mga basura sa site at pagbuo ng kuryente. Ang Scope 2 na emisyon ay hindi direktang emisyon mula sa pagkonsumo ng biniling enerhiya tulad ng elektrisidad at init. Ang isang independiyenteng tagatukoy ng third-party ay nasa proseso ng pag-awdit sa aplikasyon ng ACA at pagkatapos ay isusumite ito sa programa ng ACA para sa sertipikasyon.

Nilalayan ng LGB na makamit ang antas ng sertipikasyon sa Antas-2 mula sa ACI bago magtapos ang taong ito. Ang sertipikasyon sa Antas-2 ay nangangailangan ng mga paliparan upang paunlarin at patuloy na i-update ang kanilang Scope 1 at 2 na imbentaryo para sa greenhouse emisyon at magpapatupad ng isang plano sa pamamahala ng karbon at bawasan ang imprenta ng karbon bawat taon. Sa huli ang plano ng LGB na makamit ang Antas3+ pataas o makamit ang neutralidad ng karbon para sa lahat ng mga pagpapalabas sa paliparan. Ang pinakamataas na Antas4+ pataas ay nakalaan para sa mga paliparan na nakakamit ng net zero karbon na emisyon na nangangailangan ng pagbawas ng mga emisyon mula sa mga pinagmumulan na hindi kontrolado ng paliparan tulad ng paglalakbay ng pasahero patungo at mula sa paliparan at mga kasosyo sa negosyo tulad ng mga airline, mga kumpanya ng pag-arkila ng kotse at iba pang mga negosyo sa paliparan.

“Ang aming aplikasyon sa programa ng ACA ay sumasalamin ng aming pangako na mabawasan ang naging epekto sa mga nakapaligid na komunidad sa pamamagitan ng mga pamamaraan na responsable sa lipunan na nakaugat sa agham at maayos na ekonomiya,” sabi ng Direktor ng Paliparan ng Long Beach na si Cynthia Guidry.

Ang LGB ay gumawa ng isang bilang ng mga hakbang sa pagpapanatili ng programa nito sa nakaraang dalawang taon, kasama na ang pagsisimula sa isang boluntaryong pagbawas ng emisyon na programa para sa Pamamahala ng Distrito ng South Coast Air Quality, [fully electrifying all 11 commercial gates](#) para sa kagamitan sa ground service at nakikipagtulungan sa Aeroplex/aerolease sa [largest solar energy project](#) hanggang ngayon sa kampus ng paliparan.

Noong 2018 lubos na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang isang [approved an item](#), na itinaguyod ni Alkalde Robert Garcia at Konsehala Stacy Mungo na humiling sa Lungsod na bumuo ng isang plano upang pangunahan ang bansa sa pagpapanatili para sa mga paliparan at makikipagtulungan sa mga airline at iba pang mga kasosyo upang maging isang incubator ng clean tech sa abyasyon na may layuning maging isang pasilidad na walang kinikilingan na karbon.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, nagwagi ng maraming mga premyo ay ang makabagong Lungsod ng Long Beach na nag--aalok ng lahat ng mga amenities na

katulad ng isang malaking lungsod habanag pinapanatili ang isang malakas na may katuturan ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na nagtatampok ng magkasama sa baybayin ng California. Bilang isang may serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of The Pacific, maraming mga museo at sinehan, mga distrito ng mga lubhang mataas na estado na mga paaralan, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding respetadong mga unibersidad at kolehiyo, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf courses, 171 daang parke, milya-milyang dalampasigan, marinas, at mga daanan ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bisitahin ang <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa sosyal media para sa mga bagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

Tungkol sa Long Beach Airport

Itinatag noong 1923, ang Long Beach Airport (LGB) ay ang pinakalumang paliparan sa California. Kabilang sa maraming mga kamangha-manghang mga premyo, ang LGB ay tinanghal na isang Nangungunang 10 Paliparan sa California sa 2020 USA Today sa 10 Paliparan. Nag-aalok ang LGB ng non-stop sa serbisyo sa 16 na mga Lungsod sa U.S. habang sinusuportahan ang isang malusog na komunidad ng abyasyon na may higit sa 300,000 daang libong taunang mga operasyon. Ang paliparan ay mapagkukunan din ng malaking aktibidad na pang ekonomiya at trabaho kasamand LGB Aviation Complex na bumubuo ng \$8.6 bilyong dolyar sa pang-ekonomiyang epekto at pagsuporta sa 46,000 na libong mga trabaho. Ang LGB ay isang sumusuporta sa sarili na negosyo ng Lungsod ng Long Beach at hindi tumatanggap ng mga lokal na dolyar sa buwis. Ipinagmamalaki ng paliparan ang sarili nitiong pinangangalagaang itinuturing na makasaysayang legado at pinapanatili ang operasyon na may isang ligtas at responsableng kapaligiran. Sundan kami sa Facebook, Instagram and Twitter @LGBAirport.

###